B Uri ng visa o status of residence

Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence

Pagdating sa Japan

Kapag mananatili sa Japan

Tiyakin ang nakatatak na

1 Uri ng visa (status of residence) at 2-1 Tagal ng pananatili sa pasaporte

Sa Japan, para sa bawa't

uri ng visa o status of residence (28 uri)

maaaring pagpasyahan ang tagal ng pananatili at kung bibigyan ng pahintulot na makapagtrabaho

- (1) Visa na pinapahintulutang magtrabaho (18 na uri)
- (2) Visa na hindi pinapahintulutang magtrabaho (5 na uri)
- (3) Visa na maaaring pagpasyahang bigyan ng pahintulot na makapagtrabaho (1 uri)
- (4) Visa batay sa pagkakakilanlan o katayuan (Walang limitasyon sa trabaho) (4 na uri)

Habang nasa Japan, sa mga sumusunod na panahon	Kailan	Mga bagay at dokumentong kailangang ihanda	Saan	Ang gagawin
Kapag ibig patunayan na maaaring makapagtrabaho		1 Application form para sa pagkuha ng sertipiko para sa mga pinapahintulutang trabaho ayon sa ipinagkaloob na visa. 2 Pasaporte o sertipiko ng uri ng visang hawak 3 Residence Card o sertipiko ng pagiging isang special permanent resident 4 Sertipiko ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa（kung sakaling natanggap na ang pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa） Atbp *Kapag nag-aplay, may bayad na 900yen (para sa revenue stamp)	Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar	3 Mag-aplay para sa pagkuha ng sertipiko para sa mga pinapahintulutang trabaho ayon sa ipinagkaloob na visa (certificate of authorized employment)

B Uri ng visa o status of residence

Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence

Habang nasa Japan, sa mga sumusunod na panahon	Kailan	Mga bagay at dokumentong kailangang ihanda	Saan	Ang gagawin
Kapag ibig makuha ang suweldo o bayad para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa		1 Application form para sa sertipiko ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa 2 Dokumentong malinaw na nagpapatunay na ang gagawin ay may kinalaman sa pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa kasalukuyang ipinagkaloob na visa 3 Pasaporte o sertipiko ng uri ng visang hawak 4 Residence Card Atbp *Walang bayad	Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar	2-6 Mag-aplay ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa
Kapag nais ipagpatuloy ang tagal ng pananatili	Mula 3 buwan bago ang petsa ng pagkawalang bisa ng visa Kapag lumampas nang kahit isang araw sa petsa ng pagkawalang bisang visa 2-3 Magiging ilegal ang pananatili (overstay)	1 Application form para sa pagpapatuloy o renewal ng tagal ng pananatili 2 Litrato 3 Dokumentong tumutugon sa uri ng gawain sa Japan 4 Pasaporte o sertipiko ng uri ng visang hawak 5 Residence Card o sertipiko ng pagiging isang special permanent resident 6 Sertipiko ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa (kung sakaling kumuha ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa) 7 Guarantor ng pagkatao Atbp * Kapag na bigyan ng pahintulot,may bayad na 4,000 yen (para sarevenue stamp)	Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar	2-2 Mag-aplay para sa pagpapatuloy (renewal) ng tagal ng pananatili
Kapag nais baguhin ang uri ng visa	Mula sa panahon nang mapagalaman Ang dahilan ng pagpalit ng visa, bago ang petsa ng pagkawalangbisa ng visa	1 Application form para sa pagbabago ng uri ng visa 2 Litrato 3 Dokumentong tumutugon sa uri ng gawain sa Japan 4 Pasaporte o sertipiko ng uri ng visang hawak 5 Residence Card o sertipiko ng pagiging isang special permanent resident 6 Sertipiko ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa (kung sakaling kumuha ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa) 7 Guarantor ng pagkatao Atbp * Kapag na bigyan ng pahintulot,may bayad na 4,000 yen (para sa revenue stamp)	Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar	2-4 Mag-aplay para sa pagbabago ng uri ng visa

B Uri ng visa o status of residence

Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence

Habang nasa Japan, sa mga sumusunod na panahon	Kailan	Mga bagay at dokumentong kailangang ihanda	Saan	Ang gagawin
Kapag nais maging permanenteng residente		Kailangang matupad ang ilang kondisyon upang makatanggap ng pahintulot * Kapag nakatanggap na ng pahintulot, may bayad na 8,000 yen (para sa revenue stamp)	Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar	2-5 Mag-aplay para sa pahintulot na maging permanenteng residente
Kapag pansamantalang lalabas ng Japan	Sa loob ng panahon na may bisa pa ang visa, bago mawalan ito ng bisa.	<Hindi na kailangang humiling ng pahintulot upang muling makapasok sa Japan (re-entry permit)> 1 Pasaporte 2 Residence Card o sertipiko ng pagiginig isang special permanent resident		
		1 Application form para humingi ng pahintulot para muling makapasok sa Japan (re-entry permit) 2 Pasaporte 3 Residence Card o sertipiko ng pagiging isang special permanent resident * Kapag nakatanggap na ng pahintulot, may bayad bilang processing fee na 3,000 yen (single entry) o di kaya'y 6,000 yen (multiple entry)	Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar	2-7 Mag-aplay para sa pahintulot na para muling makapasok sa Japan (single entry) 2-7 Mag-aplay para sa pahintulot na para muling makapasok sa Japan (multiple entry)
Kapag nais kumuha ng visa para sa sanggol na ipinanganak sa Japan	Sa loob ng 30 araw mula sa araw na ipinanganak	1 Application form para humingi ng pahintulot para sa pagkuha ng visa o residence status 2 Sertipiko sa pagrehistro ng kapanganakan (shusshou todoke), talaan ng kalusugan ng mag-ina (boshi kenkou techou), atbp 3 Pasaporte at Residence Card, atbp, ng mga Magulang 4 Guarantor ng pagkatao Atbp	Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar	2-8 Apply for permission to acquire status of residence

B Uri ng visa o status of residence

Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence

Kailangan mo ang visa (status of residence) para manatili sa Japan. May 28 uri ng visa at sa bawa't uri, nakatakda ang gawain na maaaring isagawa at ang tagal ng panahon ng pananatili sa Japan.

1 Pagkumpirma ng uri ng visa (status of residence)

Kapag pumasok at mananatili sa Japan, maaaring pagpasiyahan ang uri ng visa (status of residence) at ang tagal ng pananatili ayon sa layunin ng inyong pagpunta sa Japan. Nakasulat ang uri ng visa at ang tagal ng pananatili sa inyong pasaporte, kaya ating siguraduhin ang mga impormasyong ito.

Hinalaw mula sa pamphlet tungkol sa pamamahala ng immigration, "Shutsunyuukoku Kanri no Shiori" (Gabay sa Imigration Control) ng Immigration Bureau of Japan, Ministry of Justice

May 28 uri ng visa at bawal magsagawa ng gawaing di sakop sa ipinagkaloob ng visa.

(1) Visa na pinapahintulutang magtrabaho (18 na uri)

Uri ng visa (status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa bawa't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Diplomat	Mga gawain ng mga miyembro na kabahagi ng misyong pangdiplomasya o nagtatrabaho sa mga gobyernong may opisyal na tanggapan sa Japan. Ang mga gawain ng mga indibidwal, mga pribiliheyo, at imunidad ay sumasang-ayon sa internasyonal na kasunduan. Ang visang ito ay ibinibigay sa mga kabahagi ng misyong diplomasya at kanilang kasamang pamilya. <ambassador, minister, consul general, o miyembro ng delegasyon at ang kani-kanilang pamilya>	Panahon ng kanilang panunungkulan bilang diplomat	○
Official	Mga gawain ukol sa opisyal na misyon ng dayuhang bansa o internasyunal na organisasyon na kinikilala ng Japan at kani-kanilang kasamang pamilya (maliban sa mga nakasaad sa visa na "Diplomat") <empleyado ng embahada o konsulado ng gobyernong dayuhan, taong pinadala ng isang internasyonal na organisasayon para sa opisyan na gawain at ang kani-kanilang pamilya>	5 taon, 3 taon, 1 taon, 3 buwan, 30 araw o 15 araw	○

B Uri ng visa o status of residence

Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence

Uri ng visa (status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa bawa't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Professor	Mga gawain patungkol sa research, edukasyon at sa kolehiyo, mga kasintulad na institusyon ng edukasyon o "koutou senmongakkou" <propesor o lektyurer sa unibersidad, atbp>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○
Artist	Mga gawain patungkol sa sining na nagbibigay ng sweldo, kabilang ang musika, pagpinta, literatura, atbp. (hindi kabilang ang mga gawaing nakasaad sa visa na "Entertainer") <pintor, composer, manunulat, atbp>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○
Religious activities	Mga gawain ng mga misyonaryo patungkol sa relihiyon at mga dayuhang organisasyon ng relihiyon <mga misyonaryo na ipinadala ng kani-kanilang organisasyong pangrelihiyon, atbp>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○
Journalist	Mga sinusundang balita at iba pang gawain sa pagpapahayag na isinasagawa sa pamamamagitan ng kontrata sa dayuhang organisasyong mamamahayag. <mamamahayag o photographer ng dayuhang organisasyon ng media>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○
Highly Skilled Professional	No.1 Mga aktibidad na nasa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na イ hanggang ハ na isasagawa ng isang tao na sumusunod sa mga pamantayang tinukoy ng Ministry of Justice bilang mga tauhan na may mataas na antas ng propesyonal na kakayahan, na inaasahang maka-aambag sa akademikong pananaliksik o pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa. イ Mga gawain na alinsunod sa isang kontrata sa pampubliko o pribadong institusyon ng Japan na itinalaga ng Ministry of Justice, ay isasagawa sa panananiksik, gabay sa pananaliksik o kaya gawain sa edukasyon, o gagawa ng may kinalamang gawain sa panananiksik, gabay sa pananaliksik o gawain sa edukasyon kaugnay sa mga gawaing ito ng sarili o alinsunod sa kontrata sa ibang pang pampubliko o pribadong institusyon ng Japan. ロ Mga gawain na alinsunod sa isang kontrata sa pampubliko o pribadong institusyon ng Japan na itinalaga ng Ministry of Justice, ay makikibahagi sa mga aktibidad na nangangailangan ng kaalaman o teknolohiya na kabilang sa larangan ng mga natural na siyensiya o humanities, o kasabay sa mga aktibidad na ito mamamahala ng mga gawaing may kinalaman sa mga nasabing mga aktibidad. ハ Mga gawain upang pamahalaan ang kalakalan at iba pang mga negosyo sa mga pampubliko at pribadong institusyon sa Japan na itinalaga ng Ministry of Justice o upang makisali sa pamamahala ng mga naturang aktibidad o upang pamahalaan ang negosyo na may kaugnayan sa mga gawain kasabay ng mga aktibidad.	5 taon para sa No. 1, walang palugit para sa No. 2	○

B Uri ng visa o status of residence

Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence

Uri ng visa (status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa bawa't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Highly Skilled Professional	No. 2 Mga aktibidad na nakalista sa mga sumusunod na isasagawa ng mga tao na nagsagawa ng mga aktibidad na nakalista sa No. 1 at sumusunod sa mga pamantayan na itinakda ng naaangkop na ordinansa ng Ministry of Justice bilang kontribusyon sa interes ng bansa. イ Mga aktibidad na magsasagawa ng pananaliksik, gabay sa pananaliksik o edukasyon batay sa kontrata sa pampubliko at pribadong organisasyon sa Japan. ロ Mga gawain sa trabaho na nangangailangan ng kaalaman o teknolohiya na kabilang sa larangan ng natural na agham o humanities batay sa kontrata sa isang pampubliko o pribadong organisasyon sa Japan. ハ Mga gawain sa pangangasiwa ng kalakalan at iba pang mga negosyo sa pampubliko o pribadong institusyon sa Japan o upang pamahalaan ng naturang negosyo. ニ Mga gawaing nakalista sa Professor, Artist, Religious activities, Journalist, Legal / Accounting Services, Medical Services, Instructor, Engineer/Specialist in Humanities/International Services, Entertainer at Skilled Labor na isasagawa kasabay ang anumang aktibidad na nakalista sa イ hanggang ハ ng No. 2. (Bukod sa mga gawaing nakalista sa イ hanggang ハ ng No. 2.) <Mga taong matataas ang kakayahan na sinusukat sa pamamagitan ng point system>		
Business Operator / Manager	Mga gawain na may kaugnayan sa pamamahala ng kalakalan at iba pang negosyo sa Japan o nakikibahagi sa pamamahala ng proyekto (Hindi kasama ang mga gawain sa pangangasiwa o pamamahala ng mga proyekto na sinasabing ng batas na maisasagawa lamang kung mayroon mga kwalipikasyon na nakalista sa Legal/Accounting Services). <tagapamahala o adminstrador ng kompanya>	5 taon, 3 taon, 1 taon, 4 buwan o 3 buwan	○
Legal / Accounting Services	Permiso sa mga gawain na may kinalaman sa abogasya at akawnting. Kinakailangan na ang mga abogado ay kinikilala bilang espesyalista sa foreign law at mga accountant na kaugnay ang trabaho sa foreign accounting <abogado, accountant, atbp>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○
Medical Services	Mga gawain na ugnay sa pagpapagamot na kinakailangan isagawa ng mga duktor, dentista at iba pang may legal na kakayahan <duktor, dentista, nars>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○
Researcher	Mga gawain na ugnay sa pananaliksik sa pamamagitan ng kontrata sa isang pampubliko o pribadong organisasyon sa Japan (hindi kabilang ang mga gawaing nakasaad sa "Professor") <researcher ng pampamahalaang institusyon o ng isang pribadong kompanya>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○

B Uri ng visa o status of residence

Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence

Uri ng visa (status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa bawa't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Instructor	Mga gawain na ugnay sa pagtuturo ng wika, atbp sa elementarya, junior high school, high school o sa paaralang nagbibigay ng di-pangkaraniwang suporta, nakakataas (advanced) na eskwelang pang-vocational ("senshuu gakkou"), eskwelang pang-vocational ("kakushu gakkou") at iba pang institusyon ng edukasyon na kahalintulad ng eskwelang pang-vocational <nagtuturo ng wika sa elementarya, junior high school at senior high school, atbp>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○
Engineer / Specialist in Humanities / International Services	Mga gawain sa larangan ng agham, engineering o iba pang mga natural na siyensiya, sa mga negosyo na nangangailangan ng mga kasanayan o kaalaman sa larangan ng batas, ekonomiya, sosyolohiya, iba pang sangay ng humanities, o na may kaugnayan sa kultura ng ibang bansa, na batay sa kontrata sa pampubliko o pribadong organisasyon sa Japan. (Hindi kabilang ang mga gawaing nakasaad sa Professor, Artist, Journalist, Business Operator/Manager, Legal/Accounting Services, Medical Services, Researcher, Instructor, Intra-company Transferee at Entertainer.) < Mga engineer tulad ng mechanical engineering, interpreter, designer, mga guro ng wika ng mga pribadong kompanya, mga manggagawa sa marketing, atbp.>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○
Intra-company transferee	Mga gawain ng mga worker na nalipat sa opisina sa Japan sa loob ng itinakdang panahon ng mga kumpanya mula sa ibang bansa o ng mga pampubliko o pribadong organisasyon na may head office, sangay o iba pang opisina sa Japan at kaugnay sa mga gawain ng "Engineer/Specialist in Humanities/International Services." <empleyadong ipinalipat mula sa opisina sa ibang bansa>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○
Care Giver	Mga gawain sa pag-aalaga o pagbibigay ng patnubay sa pag-aalaga ng mga taong kwalipikado bilang isang tagapagalaga, batay sa kontrata sa pampubkilo o pribadong organisasyon sa Japan.	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○
Entertainer	Mga gawain ugnay sa teatro, paggaganap, musika, sports at iba pang gawain ng mga artista (hindi kabilang ang gawain na nakasaad sa "Business Operator / Manager") < actor, singer, dancer, propesyonal na manlalaro, atbp>	3 taon, 1 taon, 6 na buwan o 3 buwan o 15 araw	○
Skilled Labor	Mga gawain ugnay sa mga serbisyo na nangangailangan ng mga industrial technique at kasanayan sa pamamagitan ng kontrata sa isang pampubliko o pribadong organisasyon sa Japan <nagtuturo ng lutuin ng iba't-ibang bansa, sports coach, piloto ng eroplano, manggagawa ng precious metal atbp, atbp>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan	○

B Uri ng visa o status of residence

Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence

Uri ng visa (status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa bawa't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Technical Intern Trainee	No. 1 ｲ Mga aktibidad upang magkaroon ng mga klase at magkapagtrabaho ng trabahong my kinalaman sa pinagsasanayan, atbp, batay sa teknikal na plano sa pagsasanay na unaprubahan sa ilalim ng batas para sa Technical Intern Trainee. (Limitado sa No. 1 na magsasanay sa kompanyang uri ng technikal na internship.) ロ Mga aktibidad upang magkaroon ng mga klase at magkapagtrabaho ng trabahong my kinalaman sa pinagsasanayan, atbp, batay sa teknikal na plano sa pagsasanay na inapubrahan sa ilalim ng batas para sa Technical Intern Trainee. (Limitado sa No. 1 na magsasanay sa organisasyong namamahala na uri ng technikal na internship.) No. 2 ｲ Mga aktibidad para sa trabaho na nangangailangan ng mga kasanayan, atbp, batay sa teknikal na plano sa pagsasanay na inaprubahan sa ilalim ng batas para sa Technical Intern Trainee. (Limitado sa No. 2 na magsasanay sa kompanyang uri ng technikal na internship.) ロ Mga aktibidad para sa trabaho na nangangailangan ng mga kasanayan, atbp, batay sa teknikal na plano sa pagsasanay na inaprubahan sa ilalim ng batas para sa Technical Intern Trainee. (Limitado sa No. 2 na magsasanay sa organisasyong namamahala na uri ng technikal na internship.) No. 3 ｲ Mga aktibidad para sa trabaho na nangangailangan ng mga kasanayan, atbp, batay sa teknikal na plano sa pagsasanay na inaprubahan sa ilalim ng batas para sa Technical Intern Trainee. (Limitado sa No. 3 na magsasanay sa kompanyang uri ng technikal na internship.) ロ Mga aktibidad para sa trabaho na nangangailangan ng mga kasanayan, atbp, batay sa teknikal na plano sa pagsasanay na inaprubahan sa ilalim ng batas para sa Technical Intern Trainee. (Limitado sa No. 3 na magsasanay sa organisasyong namamahala na uri ng technikal na internship.)	No. 1 Panahon na itatakda ng Minister of Justice sa bawat isa (hindi lalampas ng 1 taon.) No. 2 Panahon na itatakda ng Minister of Justice sa bawat isa (hindi lalampas ng 2 taon.) No. 3 Panahon na itatakda ng Minister of Justice sa bawat isa (hindi lalampas ng 2 taon.)	○

(2) Visa na hindi pinahihintulutang magtrabaho (5 na uri)

Uri ng visa (status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa bawa't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Cultural Activities	Gawaing pang-akademiya o may ugnay sa sining na walang tinatanggap na suweldo. Kasama din dito ang pagsagawa ng specialized research tungkol sa natatanging kultura o sining ng Japan o ng mga gawain para matutunan ito na may patnubay ng isang eksperto (hindi kabilang ang mga taong ang uri ng visa ay mula "college student" hanggang "trainee") <Researcher sa kultura ng Japan, atbp>	3 taon, 1 taon, 6 na buwan o 3 buwan	×
Temporary Visitor	Maikling pagbisita sa Japan para sa mga layunin tulad ng sightseeing, libangan, sports, pagbisita sa pamilya, observation/study tour, pag-aaral, partisipasyon sa meeting, pakikipagkita para sa negosyo at mga gawain tulad nito <Turista, taong sasali sa isang komperensya, atbp>	Ang panahong binibigay ay sa loog ng 90 araw, 30 araw o 15 araw	×
Student	Gawain para makatanggap ng edukasyon sa mga unibersidad, kolehiyo ng teknolohiya, senior high school (kasama na ang huling 3 taon sa secondary school), o kaya sa senior high school ng mga paaralang nagbibigay ng di-pankaraniwang suporta, junior high school (kasama na ang unang 3 taon ng seconday school), o kaya sa junior high school ng mga paaralang nagbibigay ng di-pangkaraniwang suporta, elementarya o kaya sa elementarya ng mga paaralang nagbibigay ng di-pangkaraniwang suporta, sa mga vocational school (o senshuu gakkou), o kaya sa iba't-ibang uri ng paaralan o pasilidad, o kaya sa mga klase na isasagawa ng mga organisasyon. <Mag-aaral sa unibersidad, junior college, technical college (koutou senmon gakkou), senior high school, junior high school, elementarya, atbp>	4 na taon at 3 buwan, 4 na taon, 3 taon at 3 buwan, 3 taon, 2 taon at 3 buwan, 2 taon, 1 taon at 3 buwan, 1 taon 6 na buwan o 3 buwan	×
Trainee	Mga gawain para makapag-aral at matuto ng teknolohiya, atbp, sa pampubliko o pribadong organisasyon sa Japan (maliban ang mga gawain na nakapaloob sa [Technical Intern Trainee No. 1] at sa [Student]) <Trainee>	1 taon, 6 na buwan o 3 buwan	×
Dependent	Pang-araw-araw na gawain ng asawa o anak na sinusuportahan ng mga taong pinagkalooban ng visa bilang "Professor" hanggang "Cultural Activities" (maliban sa Technical Intern Trainee) o mga ipinagkaloob ng visa na "Student" <Asawa o anak sinusuportahan ng dayuhang nakatira sa Japan>	5 taon, 4 na taon at 3 buwan, 4 na taon, 3 taon at 3 buwan, 3 taon, 2 taon at 3 buwan, 2 taon, 1 taon at 3 buwan, 1 taon 6 na buwan o 3 buwan	×

(3) Visa na maaaring pagpasyahang bigyan ng pahintulot na makapagtrabaho ayon sa permisong ipinagkaloob sa bawa't isang dayuhan (1 uri)

Uri ng visa (status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa bawa't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Designated Activities	Mga gawaing itinakda ng Minister of Justicve sa isang dayuhan <katulong sa pamamahay ng isang diplomat, working holiday, nars o mga magiging care givers na sumusunod sa nakalaad sa Economic Partnership Agreements, atbp.>	5 taon, 4 na taon, 3 taon, 2 taon, 1 taon, 6 na buwan, 3 buwan o ang itatalaga ng Minister of Justice na panahon para sa bawa't dayuhan (hindi hihigit sa 5 taon)	○

(4) Visa batay sa pagkakakilanlan o katayuan (4 na uri)

Uri ng visa (status of residence)	Mga katayuan (status) sa Japan	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Permanent Resident	Mga kinikilala ng Minister of Justice na permanent resident <Mga binigyan ng pahintulot ng Minister of Justice para manirahan nang permanente (maliban sa mga [special permanent residents] na nabigyan ng visa dahil sa di-pankaraniwang batas ng imigrasyon)>	Walang taning na panahon	◎
Spouse or Child of Japanese National	Asawa ng Hapon, anak ng Hapon o di kaya'y inampon ng Hapon alinsunod sa nakasaad sa Article 817-2 ng Civil Code (Law No. 89 of 1896) <Asawa, tunay na anak o inampon ng Hapon>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 6 buwan	◎
Spouse or Child of Permanent Resident	Asawa ng mga ipinagkalooban ng "Permanent Resident" visa o ng mga espesyal na permanenteng residente na nakasaad sa Special Law on the Immigration Control para sa mga banyagang hindi napagkalooban ng Japanese citizenship ayon sa Peace Treaty (simula dito, ang tinaguriang "permanenteng residente, atbp.") o di kaya'y mga anak ng permanenteng residente, atbp sa Japan at ipinanganak at patuloy na naninirahan sa Japan <Asawa at tunay na anak ng isang permanteng residente o espesyal na permanent resident na ipinanganak sa Japan>	5 taon, 3 taon, 1 taon o 6 buwan	◎
Long-Term Resident	Mga binigyan ng pahintulot na manirahan sa Japan sa panahong itinalaga ng Minister of Justice habang isinalang-alang ang katangi-tanging dahilan para dito <mga itinakdang ika-3 bansang refugee, mga ikatlong henerasyong nikkeijin, mga Hapon na naiwan sa China, atbp>	5 taon, 3 taon, 1 taon, 6 na buwan o ang itatalaga ng Minister of Justice na panahon para sa bawa't dayuhan (hindi hihigit sa 5	◎

B Uri ng visa o status of residence

Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence

		taon)	

Paliwanag sa nilalaman ng hanay ng “Maaaring magtrabaho”:

◎ : Walang nakatakdang kondisyon

○ : Maaaring magtrabaho ayon sa mga nakatakdang kondisyon

× : Hindi maaaring magtrabaho

Hinalaw mula sa [Listahan ng mga visa] ng Immigration Bureau ng Ministry of Justice,
[Mag-uumpisa na ang bagong sistema ng pamamahala sa pananatili dito!]

2 Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, pagpalit ng uri ng visa, pag-aplay para makakuha ng pahintulot para maging permanenteng residente, pahintulot para sa gawaing hindi sakop ng hawak na visa, re-entry permit at pagkuha ng visa

2-1 Tagal ng pananatili

May 11 na uri ang tagal ng pananatili na pinahihintulutan: 15 na araw, 30 na araw (1 buwan), 90 na araw, 3 buwan, 6 na buwan, 1 taon, 1 taon at 3 buwan, 2 taon, 2 taon at 3 buwan, 3 taon at 5 taon, bilang panahon para paghanda sa pag-alis. Kung nais manatili sa Japan na mas mahaba sa panahong ito, kailangang humingi ng pahintulot.

Tingnan ang chart (1), (2), (3) at (4) 1 Pagkumpirma ng uri ng visa (status of residence) tungkol sa tagal ng pananatili para sa bawa't visa.

2 Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, pagpalit ng uri ng visa, pag-aplay para makakuha ng pahintulot para maging permanenteng residente, pahintulot para sa gawaing hindi sakop ng hawak na visa, re-entry permit at pagkuha ng visa

2-2 Pagpapatuloy (renewal) ng tagal ng pananatili

Kapag tumagal ang pananatili sa Japan at nais ipatuloy ang parehong gawain, kailangang isagawa ang pagpapatuloy (renewal) ng tagal ng pananatili. Maaari isagawa ang pag-aplay sa renewal bago dumating ang petsa ng pagkawalang-bisa ng inyong visa (para sa mga taong may visa na ang bisa ay 6 na buwan o higit pa maaaring mag-aply mula 3 buwan bago dumating ang petsa ng pagkawalang-bisa ng visa).

Kapag ang resulta ng application ay hindi lumabas sa loob ng panahon ng may bisa pa ang visa, maaaring manatili ng hanggang 2 buwan sa parehong visa kahit wala nang bisa ang visa. (Kapag lumabas ang resulta sa loob ng 2 buwan, ang araw na lumabas ang resulta ay ang araw na mawawalan ng bisa ang visa.) Magkaiba ang mga dokumentong kakailanganin para sa proseso sa uri ng visa at sa tagal ng pananatili, kaya makipagsangguni sa tanggapan ng Immigration Bureau sa lugar na inyong tinitirhan.

Mga dokumentong kailangang ihanda	Saan ipapasa ang dokumento/Sanggunian	Mula at hanggang kailan	Processing fee
1 Application form para sa renewal o pagpapatuloy ng tagal ng pananatili 2 Litrato 3 Dokumentong tumutugon sa uri ng gawain sa Japan 4 Pasaporte o sertipiko ng uri ng visang hawak 5 Residence Card 6 Sertipiko ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa (kung sakaling kumuha ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa) 7 Guarantor ng pagkatao Atbp	Saan ipapasa ang dokumento: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar Sanggunian: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar o di kaya'y sa Foreign Resident Information Center (Tingnan ang 4 Mga katanungan tungkol sa pananatili sa Japan)	Bago dumating ang petsa ng pagkawalang-bisa ng inyong visa (para sa mga taong may visa na ang bisa ay 6 na buwan o higit pa maaaring mag-aply mula 3 buwan bago dumating ang petsa ng pagkawalang-bisa ng visa).	Kapag natanggap ang pahintulot, kailangang magbayad ng 4,000 yen (para sa revenue stamp)

B Uri ng visa o status of residence

Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence

Sample

別記第三十号の二様式（第二十一条関係）
申請人等作成用 1
For applicant, part1

日本国政府法務省
Ministry of Justice,Government of Japan

在留期間更新許可申請書
APPLICATION FOR EXTENSION OF PERIOD OF STAY

To the Director General of 入国管理局長 殿 Regional Immigration Bureau

写真
Photo
40mm × 30mm

出入国管理及び難民認定法第21条第2項の規定に基づき，次のとおり在留期間の更新を申請します。
Pursuant to the provisions of Paragraph 2 of Article 21 of the Immigration Control and Refugee Recognition Act, I hereby apply for extension of period of stay.

1 国籍・地域 Nationality/Region _____ 2 生年月日 Date of birth _____ 年 Year 月 Month 日 Day
Family name Given name
3 氏名 Name _____
4 性別 Sex 男・女 Male / Female 5 出生地 Place of birth _____ 6 配偶者の有無 Marital status 有・無 Married / Single
7 職業 Occupation _____ 8 本国における居住地 Home town/city _____
9 住居地 Address in Japan _____
電話番号 Telephone No. _____ 携帯電話番号 Cellular phone No. _____
10 旅券 Passport (1)番号 Number _____ (2)有効期限 Date of expiration _____ 年 Year 月 Month 日 Day
11 現に有する在留資格 Status of residence _____ 在留期間 Period of stay _____
在留期間の満了日 Date of expiration _____ 年 Year 月 Month 日 Day
12 在留カード番号 Residence card number _____
13 希望する在留期間 Desired length of extension _____ （審査の結果によって希望の期間とならない場合があります。）(It may not be as desired after examination.)
14 更新の理由 Reason for extension _____
15 犯罪を理由とする処分を受けたことの有無（日本国外におけるものを含む。） Criminal record (in Japan / overseas)
有（具体的内容 ）・無
Yes（Detail: ）/ No
16 在日親族（父・母・配偶者・子・兄弟姉妹など）及び同居者
Family in Japan(Father, Mother, Spouse, Son, Daughter, Brother, Sister or others) or co-residents

続柄 Relationship	氏名 Name	生年月日 Date of birth	国籍・地域 Nationality/Region	同居 Residing with applicant or not	勤務先・通学先 Place of employment/ school	在留カード番号 特別永住者証明書番号 Residence card number Special Permanent Resident Certificate number
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		

※ 16については，記載欄が不足する場合は別紙に記入して添付すること。 なお，「研修」，「技能実習」に係る申請の場合は記載不要です。
Regarding item 16, if there is not enough space in the given columns to write in all of your family in Japan, fill in and attach a separate sheet.
In addition, take note that you are not required to fill in item 16 for applications pertaining to "Trainee" or "Technical Intern Training".

（注）裏面参照の上，申請に必要な書類を作成して下さい。 Note : Please fill in forms required for application. (See notes on reverse side.)

Hinalaw mula sa Ministry of Justice (Application for Extension of Period of Stay)

2 Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, pagpalit ng uri ng visa, pag-aplay para makakuha ng pahintulot para maging permanenteng residente, pahintulot para sa gawaing hindi sakop ng hawak na visa, re-entry permit at pagkuha ng visa

2-3 Ilegal na pananatili (overstay)

Kapag lumampas nang kahit isang araw sa takdang panahong pinagkaloob ng visa, ito ay magiging kaso bilang ilegal na pananatili sang-ayon sa batas at hindi papayagang makapasok sa Japan ng nakatakdang panahon. Ang sumusunod ang magiging proseso para sa pagpapauwi ng mga taong nahuling nag-overstay.

Karaniwang paraan ng pag-uwi	Kapag nag-overstay ng bahagyang panahon dahil sa di maiwasang pangyayari tulad ng sakit, isagawa ang proseso para sa renewal ng tagal ng pananatili at kapag pinahintulutan, maaari makauwi sa karaniwang paraan kaya tumungo agad sa pinakamalapit na tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar.
Pag-uwi ayon sa isang departure order	Ang mga ilegal na natili sa Japan ay hindi huhulihin at mapapahintulutang maka-uwi sa kanyang bansa sa mabilis na paraan kung ito ay susunod sa mga ilang patakaran. (1) Ang sumuko kaagad sa Immigration Bureau ng kanilang lugar at buo ang nais na lumabas ng Japan. (2) Ang hindi sapilitan ipinaalis sa bansang Hapon sa dahilan maliban sa pagpanatili na lampas sa pahintulot na panahong ibinigay. (3) Ang mga walang kasong krimen at walang sentensya mula sa batas. (4) Ang hindi pa nakatanggap kahit kalian ng utos upang lumabas ng Japan o puwersahang pagpapa-uwi sa bansa. (5) Ang nakakasiguradong kaagad-agad makakalabas ng Japan.
Sistema ng deportasyon	Ang mga nahuli ay ikukulong. Pagkatapos ay ipapasa sa Immigration Bureau ng kanilang lugar upang asikasuhin ang mga papeles sa puwersahang pagpapa-uwi ngunit sa ibang pagkakatapon ang mga nahuli ay maari ding humarap ng kaso. Ang mga ipinatapon o puwersahang pinauwi ay hindi maaring makapasok o makabalik sa Japan ng 5 taon. Ang mga napatapon na sa nakaraan naman ay hindi maaring makabalik sa Japan sa loob ng 10 taon o habang buhay. * Pagpapahintulot sa patuloy na pamamalagi sa Japan: Ang mga taong puwersahang ipinapa-uwi ay maari ding pagkalooban ng pahintululot upang patuloy na makapamalagi sa Japan ng Miniter of Justice matapos suruin ang rason ng pananatili sa Japan. Ang nagdedesisyon ukol dito ay ang Minister of Justice. Ang napagkalooban ng ganitong pahintulot ay bibigyan ng status of residence at upang patuloy na makapanatili sa Japan.

2 Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, pagpalit ng uri ng visa, pag-aplay para makakuha ng pahintulot para maging permanenteng residente, pahintulot para sa gawaing hindi sakop ng hawak na visa, re-entry permit at pagkuha ng visa

2-4 Pagpalit ng uri ng visa

